# Ang Pinagmulan at Paglago ng Austin Assembly, 1894 hanggang 1953

James Brown

Salin sa Tagalog ng “Origin and Growth of Austin Assembly, 1894 until 1953”

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

## Ang Pinagmulan at Paglago ng Austin Assembly, 1894 hanggang 1953

Noong taong 1894, ang Austin, Illinois ay isang maliit na nayon sa kanluran lamang ng Chicago.

Noong tagsibol ng taong iyon, dalawang kapatid na lalaki ang dumating mula sa Avondale (sina Winsor Chase at James K. Pea) upang alamin kung maaaring magtayo ng isang patotoo sa Nayon. Noong panahong iyon, ang mga nakatira roon ay mga taong palasimba, na karamihan ay mga Lutheran, Baptist at Methodist. Nagkataon pa na noong panahong iyon ay walang mga inuman (saloon) sa nayon, at wala ring simbahang Romano Katoliko sa paligid ng kinatatayuan ngayon ng Austin Gospel Hall. Noong taglagas ng 1894, lumipat sa Austin ang dalawang kapatid na nabanggit kasama ang kanilang mga pamilya — at ito ang nagbukas ng daan para sa pagtatatag, sa maliit na paraan, ng isang assembly sa Austin. Samantala, ang Ebanghelyo ay naipangaral na sa mga kanto ng kalye; at kabilang sa mga nagmalasakit sa gawaing ito ang matapang na pioneer na mangangaral na si Donald Ross, na ilang ulit nangaral sa labas, at dumalaw rin sa mga tahanan at nag-iwan doon ng mga tract ng Ebanghelyo. Sa unang bahagi ng taong 1895, dumating mula sa Avondale ang mga pamilya nina William Pea at Forsyth Frazer; at kalaunan ay sinamahan sila ng tatlong pamilyang Swedish (Matson, Anderson at Hagland) na dating nakikisama sa mga tinatawag na exclusive brethren. Nagpasya ang pitong pamilya na umupa ng isang tindahan sa tinatawag noong Ontario Street (na ngayon ay Ohio Street) at Parkside Avenue. Doon nila

ipinagdiwang ang Hapunan ng Panginoon, nagdaos ng Sunday School, mga pulong ng Ebanghelyo tuwing Linggo ng gabi, at mga pulong din sa loob ng linggo.

Nagdaos ng mga kampanya ng Ebanghelyo sa hall sina Donald Ross, James Harous, Mr. Honeypenny, John Smith, Donald Munroe, Alexander Marshall, C. F. Rose, W. J. McClure at iba pa. Nagdaos din ng mga pulong sa tolda sa distrito, at ang mga pulong sa hall at sa tolda ay nagbunga ng pagbabalik-loob ng mga hindi pa ligtas at ng pagpapatibay sa mga banal. Noong 1900, umupa ng isang maliit na tindahan sa kanto ng Laramie at Chicago Avenue, at doon nagdaos ng mga pulong para sa mga bata sina Mr. Soper, Mr. Cole at Mr. M. Capp; ilan sa mga bata ang naligtas at naidagdag sa Assembly. Nang mga panahong iyon, dalawa sa mga nangungunang kapatid ang nawala sa maliit na pangkat ng mga mananampalataya — si Winsor Chase ay lumipat sa Evanston, Illinois dahil inilipat doon ang negosyong pinagtatrabahuhan niya, at ang isa naman ay umuwi na sa Panginoon matapos magkasakit nang ilang buwan. Mula 1901 hanggang 1902, nakiisa ang mga mananampalataya sa West Side Meeting, na nasa Colorado Avenue malapit sa Madison Street. Sa unang bahagi ng 1905, nagpasya ang mga mananampalataya ng Austin na bumalik at magtayo muli ng patotoo sa kanilang lugar, at ginawa nila ito sa pag-upa sa Nissen's Hall, na nasa mga apat na bloke sa silangan ng Laramie Avenue sa Chicago Avenue. Noong 1907, nagtitipon ang mga mananampalataya sa isang tindahan na ilang pinto lang sa silangan ng Laramie sa Chicago Avenue, at noong 1908 ay nasa isang hall sila sa itaas na palapag sa 419 N. Laramie Avenue. Ang mga nangungunang kapatid noon ay sina Tom Bendelow, G. N. Barnes, D.

Stubbs, D. M. Kerr at Alec Anderson. Ang mga kabataan naman ay sina John Duff, Robert Houston, Jr., William Murray, James Brown, Ralph Barnes, Elizabeth at Ann Gilmour, at Mary at Alice Pea.

Di nagtagal, dumating mula New York si Mr. Robert Houston, Sr., at ang iba pa niyang pamilya. Dumating naman mula Kilmarnock, Scotland sina Mr. at Mrs. Robert Murray, at nakadagdag sila sa bilang ng mga nasa fellowship. Dumating noong 1912 sina Mr. at Mrs. Andrew Gilmour at ang iba pa nilang pamilya, at sa panahong ito ay mga apatnapu o limampu na ang nasa fellowship. Noon ay may medyo malaking Sunday School na, at si Mr. C. F. Atwood, na kilalang-kilala ng matatandang kapatid at nakisama sa assembly noong huling bahagi ng 1908, ay hinirang na superintendent ng Sunday School. Ang Hapunan ng Panginoon ay ipinagdiriwang tuwing Araw ng Panginoon sa ganap na 10:30 ng umaga, ang Sunday School ay sa 2:30 ng hapon, at ang Ebanghelyo ay ipinangangaral sa 7:45 ng gabi tuwing Araw ng Panginoon. Iba't ibang ebanghelista ang nangaral sa Hall sa 419 N. 52nd Avenue (gaya ng tawag noon) mula 1908 hanggang 1915, nang lumipat ang mga mananampalataya sa bagong-tayong hall sa 748 N. 51st Court (na ngayon ay N. Leamington Avenue). Kilala sa mga ebanghelista noon si Mr. Robert McMurdo, na nanirahan sa Austin kasama ang kanyang pamilya, at sa iba't ibang panahon ay nagdaos ng serye ng mga pulong, nangangaral ng Ebanghelyo at nagtuturo ng Salita, at may mga bunga itong sumunod. Paminsan-minsan, ang mga lokal na kapatid ang nangangaral ng Ebanghelyo tuwing Araw ng Panginoon sa 7:45, at nagtuturo ng Salita tuwing Martes ng gabi sa 7:45. Ang mga pulong na ito, kasama ang

pangalan ng mga mangangaral, ay inaanunsyo sa isang lokal na pahayagang tinatawag na Austinite, na inilalathala at malawak na binabasa sa buong komunidad, at nagbibigay ng malaking espasyo sa mga balita ng simbahan. Noong Pebrero 17, 1915, nagdaos ng pulong sa AUSTIN GOSPEL HALL, 419 N. 52nd Avenue, at pinagtibay ang pangalan ng korporasyon, alalaong baga'y, AUSTIN GOSPEL HALL INCORPORATED. Mga Trustee: Alec Anderson, Thomas Bendelow at C. F. Atwood.

Nagplano silang kunin ang lupa sa 746-748 N. 51st Court, at magtayo roon ng isang Hall na tinatayang magkakahalaga ng $6500. Ang Assembly ay magbabayad ng upa na 5% ng halaga sa korporasyon.

Nabili ang lupa noong Marso 15, 1915 sa halagang $1260. Nakipagkontrata para sa pagtatayo noong Mayo 1915. Bumili ng mga upuan sa halagang $500.00, at ang iba pang kagamitan ay idinonasyon. Naitayo ang gusali sa halagang humigit-kumulang $5250.

Idinaos ang pambungad na Conference sa bagong Hall noong Sabado, Agosto 16, 1915, at bagaman may ilang maliliit na bagay pa sa gusali na kailangang ayusin, hindi nito naantala ang pormal na pagbubukas ng hall.

Ang mga nasa fellowship ng Austin Assembly ay hiniling na magpautang ng pera na may 5% na interes, at nakalikom ng $6455 (sapat para mabayaran ang utang), at isang kasunduan ang pinirmahan ng lahat ng may hawak ng promissory note, na nagpapahintulot na bayaran ang alinman o lahat ng note anumang oras. Unti-unting binayaran ang mga note na ito, kaya pagsapit ng Hunyo 1916, bayad na ang lahat ng note at wala nang utang ang ari-arian. Dagdag pa rito, si Mr. C.

F. Atwood ang umako ng humigit-kumulang $5000.00 sa mga natitirang note upang ito'y maging posible. Ang ginawang ito ni Mr. Atwood ay bunga ng pag-ibig sa kapatid, at ng mataas na naabot sa pamumuhay KRISTIYANO

[May bahagi rito na hindi mabasa sa scan.]

Kasama sa fellowship ng Austin Assembly noong mga unang araw sina Mr. at Mrs. George Mizen, Mr. Eugene Peterson (na ngayon ay nasa Toronto), Miss G. Skinner, Mary at Alice Pea, Mrs. A. Houston, ang pamilyang Cameron, Mr. at Mrs. Fred Mizen, Mr. at Mrs. Ernie Bendelow, Mr. at Mrs. W. Duncan, at Dr. W. Scott. Kalaunan ay dumating sina Mr. at Mrs. C. R. Welsher at ilan pang iba mula sa Kostner Avenue Mission. Ang pamilyang Skinner mula sa Elgin, ang pamilyang Simpson mula sa Kansas City, at ang pagdagsa ng mga pamilya mula sa ibayong-dagat ay nakatulong upang umabot sa mga 200 ang bilang ng nasa fellowship.

Ilan sa mga nasa fellowship ang lumipat sa distrito ng Irving Park, nagdaos ng mga pulong ng Ebanghelyo sa isang tindahan, at sa tulong ni H. H. Harper ay dumami sila, at sa wakas ay nagpasyang magtayo ng isang Hall sa 5614 Dakin Street. Ang isa pang sangay ng Austin Assembly ay ang Norwood Gospel Chapel, bagaman sila ay direktang nagmula sa Irving Park Gospel Hall. Si Mr. J. Willard Hoyle at iba pang nasa fellowship ngayon sa Norwood Gospel Chapel ay dating nasa Austin, at kahit magkalayo na sila sa lugar, nananatili pa rin silang kaisa ng mga nagtitipon sa lugar na kanilang pinagmulan. Kaya mula sa isang maliit na simula, mayroon na ngayong tatlong Assembly na masayang nagkakaisa sa isa't isa.

Malayo ang aabutin ng impluwensya ng Austin Assembly, sapagkat may ilang umalis mula sa aming kalagitnaan patungo sa malalayong bahagi ng mundo upang ipahayag ang EBANGHELYO NG KALUWALHATIAN NG MAPALAD NA DIYOS sa mga NAKAUPO SA KADILIMAN AT SA LILIM NG KAMATAYAN. Ang mga sumusunod na kapatid na lalaki at babae ay ipinagkatiwala sa paglilingkod sa Panginoon sa iba't ibang panahon ng Austin Assembly:

Mr. Maitland — Angola (kasalukuyang nasa bahay).

Mr. at Mrs. J. H. Davies — India (kasalukuyang nasa England).

Harold H. Harper — U.S.A.

Mr. at Mrs. Edwin Gibbs — Natal.

Mr. at Mrs. Aden Ferguson — Natal.

Alfred P. Gibbs — U.S.A.

Mr. at Mrs. James Kenny — South America.

Mr. at Mrs. Wm. Rogers — French Equatorial Africa (kasalukuyang nasa bahay).

Mrs. Alice Hey — France.

Mr. at Mrs. Ken. Engle — Philippines.

Violet Hendrickson — India (kasalukuyang nasa bahay).

Sina Mr. at Mrs. John Duff, Mr. at Mrs. James Brown, at Mrs. Elizabeth Murray na lamang ang natitira sa mga nasa fellowship noong mga unang araw, at matapos ang 45 taon sa Chicago, sina Mr. at Mrs. J. Brown ay malapit nang lumipat sa Toronto, Canada.

Ang mga Trustee sa kasalukuyan ay sina John Duff, James Brown, C. R. Welsher, Donald Anderson at Henry T. Moffat.

Ang nasa itaas ay isinulat ni JAMES BROWN.